

Modyul 14
Tekstong Argumentatib
Pagkilala sa Wastong Gamit
ng mga Pangatnig



Tungkol saan ang modyul na ito?

Ang modyul na ito ay tumatalakay sa;

- pagkilala sa wastong gamit ng pangatnig
- pagbubuo ang bagong salita mula sa ibinigay na salitang-ugat sa pamamagitan ng paglalapi pag-uulit at pagtatambal batay sa kahulugang nakasaad sa pahayag
- pagtukoy kung ang teksto ay isang argumentatib
- pagpapangkat – pangkat ng magkakaugnay – ugnay na ideya



Ano ang matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang makakamit mo ang mga sumusunod na kasanayan.

- nakikilala ang wastong gamit ng mga pangatnig
- nakabubuo ng bagong salita mula sa ibinigay na salitang-ugat sa pamamagitan ng paglalapi, pag-uulit at pagtatambal batay sa kahulugang nakasaad sa pahayag
- natutukoy kung ang isang teksto ay argumentatib
- nakapagpapangkat-pangkat ng magkakaugnay na ideya



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Ngayong hawak mo ang modyul na ito, gawin ang mga sumusunod;

1. Kung may malabong panuto o anumang bahagi ng modyul, magtanong sa iyong guro o kung sinumang may ganap na kaalaman.
2. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga sagot sa mga pagsusulit at iba pang gawain. Huwag itutupi ang mga pahina ng modyul dahil gagamitin pa ito ng iba.
3. Itala ang mahahalagang impormasyon at kaisipan sa isang hiwalay na kuwaderno.
4. Basahing mabuti ang mga babasahin o teksto. Malaking tulong ito upang makamit ang mataas na antas ng kaalaman.
5. Ang mga tamang sagot (answer key) sa panimula at pangwakas na pagsusulit ay kukunin sa guro pagkatapos mong masagutan ang mga aytem.



Ano na ba ang alam mo?

A. I. Pagkilala sa Wastong Gamit ng Pangatnig

Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang mga pangatnig na ginamit sa bawat bilang.

- _____ 1. Gayundin, may mga pagkakataong gumagamit ang militar at ang mga pailalim na gawain ng mga institusyong pang – espiya sa ilalim ng neo – kolonyalismo.
- _____ 2. Dahil dito madaling impluwensiyahan ang pambansang interes ng mga neo-kolonyalista.
- _____ 3. Ngunit ang dayuhang tulong ay nagagamit ng mga dating kolonyalista upang pasunurin ang mga tinulungang bansa sa kanilang kagustuhan, tahasan man o hindi ang pagpapasunod.
- _____ 4. Ginamit lamang ang reporma sa lupa hindi upang tugunan ang hinaing ng mga magsasaka kundi upang sugpuin ang pagrerebelde nila.
- _____ 5. Kung tutuusin higit na nakikinabang ang mga Amerikano sa kanilang pagtulong sa Pilipinas.

II. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra kung paano ginamit ang mga pangatnig na ginamit sa bawat bilang sa Pagsusulit A-I.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

- a. ginagamit upang ipakita ang pagsalungat
- b. ginagamit upang ipakita ang paglilinaw
- c. ginamit sa pagsasaad ng alinlangan o pasubali
- d. ginamit upang ipakita ang kadahilanan ng pangyayari
- e. nag-ugnay ng magkatimbang na salita, parirala o sugnay

III. Pagbuo ng Bagong Salita Mula sa Salitang-ugat sa Pamamagitan ng Paglalapi, Pagtatambal at Pag – uulit ng Salita

Panuto: Bumuo ng salitang dapat gamitin sa pahayag batay sa salitang – ugat na nasa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa nito.

- _____ 1. Ang neo-kolonyalismo ay (gamit) ng pamamaraang pang – ekonomiya upang masakop ang maliliit na bansa.
- _____ 2. (Silang) ang neo – kolonyalismo matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- _____ 3. (Tulong) ang mga mamamayan sa Pilipinas upang lubusang matamo ang pag-unlad lalo pa sa panahon ng kolonyalismo.
- _____ 4. May mga bansang kolonyalista ang gumagamit ng (kamay) upang masupil ang pag-aalsa ng bansang kanilang sinasakop.
- _____ 5. Hindi (tamo) ng ating bansa ang tunay na kasaganaan habang naririto ang mga neo –

kolonyalista.

IV. Pagtukoy sa Tekstong Argumentativ

Panuto: Lagyan ng tsek ✓ ang bilang ng pahayag na naglalahad ng argumento.

- _____ 1. Ginamit lamang ang reporma sa lupa hindi upang tugunan ang hinaing ng mga magsasaka kundi upang sugpuin ang pagrerebelde nila.
- _____ 2. Kahit sa unang malas ay may tulong iyon na walang kondisyon, tulad ng pamimigay ng gatas sa mga bata at pamamahagi ng mga aklat, sa totoo’y may kapalit din iyon.
- _____ 3. Kung titingnang mabuti, ang mga tulong na ibinibigay ng United States ay napunta rin sa isa sa mga negosyanteng Amerikano.
- _____ 4. Habang ang ekonomiya ng Pilipinas ay nasa ilalim ng neo – kolonyalistang Amerikano at higitang industriyal na bansa, hindi matatamo ng ating bansa ang tunay na kasaganaan.
- _____ 5. Kinakailangang makaalpas ang Pilipinas sa kamay ng neo – kolonyalismo upang magtamo ng kalayaang pang – ekonomiya.

V. Pagsulat

Panuto: Bilugan ang bilang ng pahayag na dapat isama kung ang paksang tatalakayin ay tungkol sa “Kolonyalismo.”

1. Ang neo – kolonyalismo ay ang di – tuwirang pagkontrol ng makapangyarihang bansa sa isang malayang bansa.
2. Ang mga instrumentong ginamit ng neo – kolonyalismo upang makuha nito ang gusto sa malalayang bansang Asyano ang kinabibilangan ng mga pamamaraang pang – ekonomiya at pangkultura.
3. Natural sa mga bansa sa daigdig ang humingi ng tulong sa ibang bansa.
4. Ang mga tulong na ibinibigay ng mga Amerikano sa Pilipinas ay may kapalit, at ang mga kapalit na ito ay mangangalaga sa kanilang interes.
5. Ang Amerika ay maunlad na bansa.



Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub-Aralin 1

Layunin

Nakikilala ang wastong gamit ng mga pangatnig

Alamin

Sa lahat halos ng mga palengke at malls sa ating bansa ay nagtambak ang mga produktong dayuhan na tunay namang tinatangkilik ng ating mga kababayan.

Naririto ang ilan sa halimbawa ng mga produktong dayuhan na ibinibenta sa ating bansa.



Anu – ano sa palagay ninyo ang mabubuti at di – mabubuting idudulot sa ating ekonomiya ng patuloy na pagdagsa sa ating pamilihan ng mga produktong dayuhan?

Panuto: Lagyan ng **M** ang patlang sa bawat bilang kung sa palagay ninyo ay mabuti ang bunga ng pagdagsa ng dayuhang produkto sa ating bansa at **DM** kung masama.


- _____ 1. Maraming mapagpipiliang produktong bibilhin ang mga mamamayan.
- _____ 2. Mawawalan ng trabaho ang maraming mamamayan dahil sa nabawasan ng malaking bilang ang produksyon ng lokal nating produkto.

- _____ 3. Magiging malaki ang pagpasok ng buwis sa ating bansa na ibinabayad ng mga dayuhang mangangalakal.
- _____ 4. Mababawasan ang mga mamamayang tatangkilik sa ating sariling produkto.
- _____ 5. Bubuti ang relasyon natin sa iba't ibang bansa sa daigdig.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Linangin

Ang pagdagsa ng mga dayuhang produkto sa ating bansa ay isang uri ng neo – kolonyalismo.



Sa pagsusuri natin ng naidudulot ng neo – kolonyalismo sa ating bansa, gumagamit tayo ng mga pangatnig.

Basahin ang sumusunod na teksto, tingnan ang mga halimbawa ng pangatnig na ginamit sa nabanggit na teksto.

Mga Instrumento ng Neo-kolonyalismo

Ang mga instrumentong ginamit ng neo-kolonyalismo upang makuha nito ang gusto sa malalayang bansang Asyano ay kinabibilangan ng mga pamamaraang pang-ekonomiya at pangkultura. Gayundin, may mga pagkakataong ginagamit ang militar at ang mga pailalim na gawain ng mga institusyong pang-espiya.

Sa pananaw ng mga katutubong pinunong pampolitika at pang-ekonomiya nakaugnay ang pambansang (o pansarili lang) interes sa interes ng mga neo-kolonyalista. Dahil dito, madaling naimpluwensyahan nitong huli ang una upang gawin ang mga hakbang na nais nila.

Natural sa mga bansa sa daigdig ang humingi ng tulong sa ibang bansa. Natural din na tumulong ang ibang bansa sa nangangailangan. Ngunit ang dayuhang tulong ay nagagamit ng mga dating kolonyalista upang pasunurin ang mga

tinulungang bansa sa kanilang kagustuhan, tahasan man o hindi ang pagpapasunod. Ibig sabihin, hindi libre ang pagtulong. May mga kondisyon ito.

Sa panahon ng Cold War (ang tunggalian ng United States at ng dating USSR), ang pagtulong ng United States at ng dating USSR ay may layuning hikayatin sa panig ng mga ito ang mga bansang tinulungan. Tinulungan ng Marshall Plan ng United States ang Europa na makabangon pagkatapos ng digmaan. Tinulungan din nito ang Japan na tuwirang nakapailalim dito pagkatapos ng digmaan. Ito ang mga alyado ng United States laban sa nabuwag na USSR.

Upang hikayating magpadala ng sundalo ang ibang bansa sa digmaan sa Korea at Vietnam, nagbigay ng tulong ang United States sa kanila. Sa hangad na labanan naman ang paglaganap diumano ng komunismo sa Pilipinas at Indochina, binigyan ng tulong ng United States ang mga pamahalaan dito para sa pagpapaunlad ng kanayunan at pagpapatupad ng reporma sa lupa. Nakikinabang sa tulong ang mga kapangyarihan sa bawat bansa na tumupad sa kagustuhan ng United States, subalit walang pagpapaunlad na naganap sa kanayunan o pagpapatupad ng reporma sa lupa na naganap. Ginamit lamang ito hindi upang tugunan ang hinaing ng mga magsasaka kundi upang sugpuin ang pagrerebelde nila.

Mahaba ang karanasan ng mga Pilipino sa tulong ng United States. Hindi nakatulong ang tulong panlabas ng mga Amerikano para sa reporma sa lupa upang mabawasan ang paglakas ng komunismo sa mga kanayunan sapagkat ang layunin ng reporma ay hindi gaano sa pagbibigay o pagbabahagi ng lupa at sa pagtataas ng bahagdan ng produksyon. Iniingatan ng neo-kolonyalistang Amerikano na masaling ang interes ng mayayaman at makapangyarihang may-ari ng malalawak na lupain.

Hindi nagtangka ang mga Amerikano na maiahon ang kabuhayan ng mga Pilipino mula sa sistemang agrikultural tungo sa pagiging industriyal manapa'y pinilit na maitakda ang Pilipinas bilang agrikultural na bansa na maaaring pagkunan nila ng mga sangkap sa kanilang industriya.

Kahit sa unang malas ay mga tulong iyon na walang kondisyon, tulad ng pamimigay ng gatas sa mga bata at pamamahagi ng libreng aklat, sa totoo'y may kapalit din iyon. Bahagi ito ng pagpapaganda ng larawan ng United States sa mga susunod na henerasyon sa mga bansang tinulungan.

Kung titingnang mabuti, ang mga tulong na ibinigay ng United States ay napunta rin sa mga negosyanteng Amerikano. Malaking bahagi ng tulong ay binubuo ng mga kagamitang militar. Mga produkto at paglilingkod ng Amerikano ang binayaran sa mga tulong na ibinigay. Ibig sabihin, sa bawat pagbibigay ng tulong, nabibiyayaan ang mga kompanyang Amerikano. Sa kanila kinukuha ang mga produktong ipinamimigay o ginagamit sa anumang proyekto. Maging sa pagsasagawa ng proyekto sa ibang bansa, ang paglilingkod ng mga kompanyang Amerikano ang ginagamit.

Ang tulong militar man ng United States ay hindi rin libre. Ang ipinamimigay ng mga kagamitang militar ay mga surplus lamang. Pagkatapos ng digmaan, ipinamimigay nito ang mga natirang kagamitang militar. Una, nabayaran na ito sa mga korporasyong Amerikano ng buwis din ng mamamayang Amerikano; ikalawa, ang pagbibigay ay nakapagpapaganda ng tingin sa United States; ikatlo, ang mga binigyan naman ay iyong mga hinihikayat na maging kapanalig sa Cold War; at ikaapat, higit na magastos kung ibabalik pa ang mga ito sa United States o basta hahayaan na lamang masira.

Ang pagpapadala ng mga pulis at sundalo sa United States upang magsanay ay may epekto na hubugin ang kaisipan ng mga ito ayon sa paniniwala ng mga Amerikano. Tulad din ito ng pagpapaaral ng mga estudyante sa United States. Sa pagbabalik sa kani-kanilang bansa, ang mga ito ang hahawak sa mga opisina ng mga pamahalaan mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa. Dahil magiging mga pinunong pampulitika, pang-ekonomiya, pangmilitar, at pangkultura, madali sa United States na impluwensyahan ang mga prinsipyo nito.

Kung tutuusin, itong huli ay bahagi na ng imperyalismong pangkultura ng mga neo-kolonyalista. Sinasanay ang mga katutubo ng isang bansa – sa pamamagitan ng pagpapaaral at pag-aaral sa United States, pagpapadala ng mga libreng babasahin at panoorin, pamamayani ng mga produktong Amerikano sa mga bagay na maglalapit sa mga ito sa posisyon at naisin ng mga neo-kolonyalista. Habang ang ekonomiya ng Pilipinas ay nasa ilalim ng neo-kolonyalistang Amerikano at higitang industriyal na bansa, hindi matatamo ng ating bansa ang tunay na kasaganaan. Samakatwid, kinakailangang makaalpas ang Pilipinas sa kamay ng neo-kolonyalismo upang magtamasa ng kalayaang pang-ekonomiya.

*Hango sa: Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon
Filipino II
Diwa Publication*

Ang mga sumusunod ay mga pahayag mula sa teksto kung saan ginamit ang mga pangatnig:

1. Gayundin, may mga pagkakataong ginagamit ang militar at ang mga pailalim na gawain ng mga institusyong pang – espiya.
2. Ngunit ang dayuhang tulong ay nagagamit ng mga dating kolonyalista upang pasunurin ang mga tinutulungang bansa sa kanilang kagustuhan, tahasan man o hindi ang pagpapasunod.
- 3 – 4 Hindi Nakatulong ang tulong panlabas ng mga Amerikano para sa reporma sa lupa upang mabawasan ang paglakas ng komunismo sa mga kanayunan sapagkat ang layunin ng reporma ay hindi gaano sa pagbibigay o pagbabahagi ng lupa at sa pagtaas ng bahagdan ng produksyon.
5. Dahil magiging mga pinunong pampulitika, pang – ekonomiya, pangmilitar at pangkultura, madali sa United States na impluwensiyahan ang mga prinsipyo nito.

Upang masuri mo kung paano ginamit ang mga pangatnig sa mga pahayag sa dakong itaas, basahin mo ang susunod na bahagi.

Pagkilala sa Wastong Gamit ng mga Pangatnig

Mahalaga na ang bawat isa ay matutong gumamit ng mga pangatnig. Maaaring ang pangatnig ay isang kataga o salita na nag – uugnay ng salita sa kapwa o ng kaisipan sa teksto.

Pinangkat sa anim ang uri ng pangatnig ayon sa kapakanan at katuturan nito.

1. **Pangatnig na panimbang** – ginagamit ito sa pag – uugnay ng magkasingkahulugan o magkatimbang na salita, parirala at sugnay.
Halimbawa:
at, saka, at saka, katulad, gaya ng, maging at gayundin
2. **Pangatnig na paninsay** – ginagamit ito kapag sinasalungat ang isang pahayag o kaisipan
Halimbawa:
bagama't, subalit, ngunit, datapwat at pero
3. **Pangatnig na pasubali** – ginagamit ito sa pagsasaad ng alinlangan o pasubali.
Halimbawa:
kung, baka, hindi, sakali
4. **Pangatnig na pamukod**- ginagamit ito sa pagpapahayag ng pagkakaiba ng dalawa o higit pang bagay, tao o pangyayari.
Halimbawa:
o, ni, man at maging
5. **Pangatnig na panlinaw**- ginagamit ito kapag binibigyang – linaw o paliwanag ang isang pahayag.
Halimbawa:
samakatuwid, kung gayon, magkagayon, ibig sabihin at sa ibang salita
6. **Pangatnig na panapos**- ginagamit ito sa pag-uugnay ng mga kaisipang nagsasaad ng kawakasan.
Halimbawa:
dahil dito, bunga nito, sa wakas, sa kabuuan at sa bandang huli

Gamitin

A. Panuto: Suriin kung anong uri ng pangatnig ang ginamit sa mga sumusunod na pahayag.

Piliin ang letra nito sa loob ng kahon.

- _____ 1. Gayundin, may mga pagkakataong ginagamit ang mga militar at ang mga pailalim na gawain ng mga institusyong pang – espiya.
- _____ 2. Ngunit ang dayuhang tulong ay nagagamit ng mga dating kolonyalista upang pasunurin ang mga tinutulungang bansa sa kanilang kagustuhan, tahasan man o hindi ang pagpa-pasunod.
- _____ 3 – 4. Hindi nakatulong maging ang tulong panlabas ng mga Amerikano para sa reporma sa lupa upang mabawasan ang paglakas ng komunismo sa mga kanayunan, ibig sabihin ang layunin ng reporma ay hindi gaano sa pagbibigay o pagbabahagi ng lupa at sa pagtaas ng bahagdan ng produksyon.
- _____ 5. Dahil magiging pinunong pampulitika, pang – ekonomiya, pangmilitar at pangkultura, madali sa United States na maimpluwensiyahan ang prinsipyo ng mga pinunong nabanggit.

- | |
|--------------|
| a. panapos |
| b. panimbang |
| c. panlinaw |
| d. paninsay |
| e. pamukod |

B. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra kung paano ginamit ang pangatnig sa bawat bilang sa Gawain A.

- | | |
|----------|----------|
| 1. _____ | 4. _____ |
| 2. _____ | 5. _____ |
| 3. _____ | |

- | |
|---|
| a. ginagamit ito sa pag-uugnay ng mga diwang nagsasaad ng kawakasan |
| b. nagbibigay ito ng paliwanag o paglilinaw sa isang pahayag |
| c. nag-uugnay ito ng magkasingkahulugan o magkatimbang na sugnay |
| d. nagpapakita ito ng pagsalungat sa isang kaisipan |
| e. nagpapahayag ito ng pagkakaiba ng dalawa o higit pang bagay, tao o pangayayari |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Lagumin

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang ng pahayag na nagsasaad ng gamit ng mga pangatnig.

- _____ a. Nagpapahayag ng pagkakaiba ng dalawa o higit pang bagay, tao o pangyayari
- _____ b. Ginagamit sa pag – uugnay ng mga diwang nagsasaad ng kawakasan
- _____ c. Nagpapakita ng pagsalungat sa isang kawakasan
- _____ d. Nagbibigay ng paliwanag o paglilinaw sa isang pahayag
- _____ e. Nagpapahayag ng pagkakaiba ng dalawa o higit pang sugnay

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Subukin

Panuto: Piliin at isulat sa patlang ang mga pangatnig na ginamit sa bawat pahayag.

- _____ 1. Madaling maimpluwensiyahan ng mga mayayamang bansa ang mahihirap na bansa, samakatuwid, lagi na lamang sunud – sunuran ang mga bansang ito sa bawat naisin ng mga bansang imperyalista.
- _____ 2. Mayaman man o maliit na bansa ay maaaring masakop kung hindi magkakaisa ang mga mamamayan nito sa pagtatanggol ng kanilang kalayaan.
- _____ 3. Sakaling may magtangkang muli na lupigin ang Pilipinas ay hindi na sila magtagumpay.
- _____ 4. Dahil muli at muling lalaban ang mga Pilipino sa pagtatanggol sa Inang – bayang Pilipinas.
- _____ 5. Bagama't maraming mga Pilipino ang nabibighaning mandayuhan sa ibang bansa, marami pa rin sa kanila ang bumabalik dito.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo sa bahaging ito ay 4 hanggang 5, huwag mo nang gawin ang susunod na bahagi, ibig sabihin ay lubusan mong naunawaan ang aralin. Subalit kung 3 pababa, gawin mo ang susunod na gawain. Kailangan mo pa ng maraming pagsasanay upang lubusan mong maunawaan ang aralin

Paunlarin

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang tamang pangatnig na dapat gamitin sa pahayag upang mabuo ang diwa nito.

- _____ 1. Tumutulong ang mayayamang bansa sa mahihirap na bansa sa iba't ibang paraang hindi dahil nais nitong mapaunlad ang kanilang ekonomiya _____ upang madali nilang masakop ang mahihirap na bansang ito.
- _____ 2. Maraming kondisyong dapat sundin ang mga bansang tinutulungan ng mayayamang bansa, _____ hindi libre ang kanilang tulong na ibinibigay.
- _____ 3. Nagbibigay ng mga tulong – pananalapi ang mayayamang bansa _____ matataas ang kanilang ipinapatong na interes sa mga pautang na ito.
- _____ 4. Kung hindi nasakop ng mga imperyalistang bansa ang Pilipinas ay _____ isa na ito sa mauunlad na bansa sa Asya.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.


Sub – Aralin 2 – Uri ng Teksto

Layunin

- Nabubuo ang bagong salita sa pamamagitan ng paglalapi, pag – uulit at pagtatambal batay sa kahulugang ipinapahayag sa teksto

Alamin

Sa pagbibigay – kahulugan sa mga salita, mahalagang malaman kung paano ito nabuo.



Linangin

Iba – iba ang paraan upang mabuo ang salita:

Una, upang maibigay ang kahulugan ng salita batay sa pahayag, gumagamit tayo ng mga panlapi.

Ang mga **panlapi** ay mga pantig na ikinakabit sa unahan, gitna at hulihan ng salitang – ugat. May tatlong uri ng panlapi; unlapi, gitlapi at hulapi.

Ang mga sumusunod ay mga pahayag na hinango sa tekstong, “Mga Instrumento ng Neo – Kolonyalismo,” na nauna nang ginamit sa Sub – aralin 1.

1. Panlapi

- a. Paggamit ng unlapi sa pagbuo ng salita

Ang **unlapi** ay katagang ikinakabit sa unahan ng salita.

Halimbawa:

a.1 Higit na magastos para sa Amerika kung ibabalik pa sa kanilang bansa ang kagamitang militar na ginamit sa pakikidigma nila sa ibang bansa.

Ang salitang “magastos” na ginamit sa pahayag ay nangangahulugang “paggamit ng malaking halaga ng pera.”

Ang unlaping ginamit sa salitang “magastos” ay ma – na ikinakabit sa salitang – ugat na gastos.

a.2 Kinakailangang makaalpas ang Pilipinas sa kamay ng neo – kolonyalismo

a.3 upang magtamasa ng kalayaang pang – ekonomiya.

Ang kahulugan ng salitang “makaalpas” sa pahayag ay nangangahulugang “makaalis” at ang unlaping ikinabit sa sa salitang – ugat na alis ay maka – .

Ang salitang “magtamasa” na ginamit sa ikatlong pahayag ay nangangahulugang magpasasa.” At ang unlaping ikinabit sa salitang – ugat ay mag – .

b. **gitlapi**

Ang **gitlapi** ay pantig na ikinakabit sa gitna ng salitang-ugat.

Halimbawa:

b.1 Ginamit lamang ang reporma sa lupa upang pigilan ang pagrerebelde ng mga mamamayan sa mga kanayunan.

Ang salitang “ginamit” sa pahayag ay nangangahulugang “kinasangkapan.”

Ang gitlapi ay – in na ikinabit sa salitang – ugat na gamit.

b.2 Ayon sa ilang bansang neo – kolonyalista, bumuti raw ang buhay ng mga mamamayan sa mga mahihirap na bansang kanilang sinakop.

Ang salitang “bumuti” na ginamit sa pahayag ay nangangahulugang “umayos”, “gumanda.”

Ang gitlaping ginamit ay – um na ikinabit sa gitna ng salitang – ugat na buti.

b.3 Hinihikayat ng mga mayayamang bansa ang mahihirap na bansa na makipagkalakalan ang mga ito sa kanila.

Ang kahulugan ng “hinihikayat” ay “hinihimok.”

Ang gitlaping ikinabit sa gitna ng salitang – ugat na hikayat ay – in.

c. hulapi

Ang hulapi ay pantig na ikinakabit sa hulihan ng salitang – ugat.

Halimbawa:

c.1 Hinikayat ng Amerika ang ibang bansa ang mga sundalo sa digmaan sa Korea at Vietnam.

Ang kahulugan ng “digmaan” na ginamit sa pahayag ay “labanan,” o “kaguluhan.”

Ang hulapi na ikinabit sa hulihan ng salitang – ugat na digma ay – an.

c.2 Ginamit lamang ng mga Amerikano ang reporma sa lupa upang sugpuin ang pagrerebelde ng ilang mamamayan sa mga kanayunan.

Ang hulapi na ikinabit sa hulihan ng salitang – ugat na sugpo ay – in.

c.3 Maraming programa ang inilunsad ng mga Amerikano upang tugunan ang hinaing ng mahirap na bansa.

Ang kahulugan ng “tugunan” ay “sagutan.”
Ang hulaping ikinabit sa hulihan ng salitang – ugat na tugon ay – an.

c.4 Ang pagpapadala ng mga pulis at sundalo sa United States ay upang magsanay, na may epekto na hubugin ang kaisipan ng mga ito sa kulturang Amerikano.

Ang kahulugan ng “hubugin” ay “impluwensiyahan.”
Ang hulaping ikinabit sa salitang – ugat na hubugin ay – in.

2. Pag – uulit

Inuulit ang salita kung ang kabuuan nito o ang isa o higit pang pantig nito sa dakong unahan ay inuulit at batay sa kung anong bahagi ng salita ang inuulit, may dalawang pangkalahatang uri ng pag – uulit ; a) pag – uulit na ganap at b) pag – uulit na di – ganap o parsyal.

a. **Pag – uulit na ganap** – kung ang inuulit ay ang buong salitang - ugat

a.1 Iba – iba ang paraang ginagawa ng mga mayayamang bansa upang maging kolonya ang mahihirap na bansa.

Ang kahulugan ng iba – iba ay hindi pareho.

Ang salitang – ugat na inulit ay iba – iba.

a.2 Napakadaling sakupin ng mga neo – kolonyalistang bansa ang mga hirap na hirap na bansa.

Ang kahulugan ng hirap na hirap ay walang kaunlaran.

Ang salitang – ugat na inulit ay hirap na hirap.

b. Pag – uulit na di – ganap

Tinatawag na di – ganap o parsyal ang pag – uulit kung ang inuulit ay bahagi lamang ng salita.

Halimbawa:

1. Iniingatan ng mga neo – kolonyalistang Amerikano na masaling ang interes ng mayayaman at makapangyarihang may – ari ng

2. malalawak na lupain.

3. Hindi uunlad ang mga kanayunan kahit pa sinakop ng mga neo – kolonyalista ang bansa.

Ang uunlad ay nangangahulugang bumubuti.

Ang inulit sa salitang mayayaman ay ang unang pantig na ya- ng salitang – ugat na yaman.

Ang inulit sa salitang malalawak ay ang unang pantig na la- ng salitang – ugat na lawak.

Ang inulit sa salitang uunlad ay ang unang pantig na u- sa salitang – ugat na unlad.

Tambalan

Ang dalawang salitang pinagsama upang makabuo ng isa lamang salita ay tinatawag a na tambalang salita.

May dalawang pangkat ang tambalang salita: 1) yaong nananatili ang kahulugan ng dalawang salitang pinagtambal at 2) yaong nagkakaroon ng kahulugang iba sa kahulugan ng mga salitang pinagsama.

Ang unang pangkat ay maaaring tawaging tambalang di–ganap o tambalang karaniwan, ang ikalawa ay tinatawag na tambalang ganap.

Halimbawa:

a. Tambalang salitang di – ganap

1. Lumaganap ang neo – kolonyalismo matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig.

Ang tambalang salitang pinagtambal ay ang mga salitang “neo” na nangangahulugang “bago” at “kolonyalismo” na nangangahulugang “pagsakop”. Ang “neo – kolonyalismo” ay nangangahulugang di – tuwirang pagkontrol.

2. Sa panahon ng neo – kolonyalismo sa Pilipinas ang mga bahay – kubo sa mga kanayunan sa Pilipinas ay napalitan na ng mga bahay na yari sa bato. Ang tambalang salita sa pahayag ay bahay – kubo na nangangahulugang bahay na yari sa kubo.

b. Tambalang ganap

1. Marami sa mga dayuhang mananakop ay asal – hayop. Ang tambalang ganap na salita sa pahayag ay asal – hayop. Ang kahulugan ng asal ay ugali at ang hayop ay nangangahulugang animal. Ang hayop sa tambalang salita ay naglarawan ng asal.
2. May mga Pilipinong naging hampaslupa dahil sa kawalan ng trabaho dahil marami sa trabaho sa Pilipinas ay nakontrol ng mga mananakop. Ang tambalang – ganap sa pahayag ay hampaslupa. Ang dalawang salitang pinagtambal ay “hampas” at “lupa” na nangangahulugang mahirap.

Matapos mong mapag – aralan ang iba’t ibang paraan ng pagbuo ng salita ay alam kong handa ka na upang gawin ang susunod na gawain.

Gamitin

A. Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang ng mga salitang may unlapi.

- _____ 1. umasa
- _____ 2. magbasa
- _____ 3. isulat
- _____ 4. naglinis
- _____ 5. bumasa

B. Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang ng salitang ginamitan ng gitlapi.

- _____ 1. kumain
- _____ 2. inayos
- _____ 3. sinulat
- _____ 4. bumilang
- _____ 5. tumakbo

C. Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang ng tambalang salita.

- _____ 1. kulay – dugo
- _____ 2. pamatid – uhaw
- _____ 3. silid – tanggapan
- _____ 4. basag – ulo
- _____ 5. laru – laruan

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Lagumin

Panuto: Isulat ang **W** sa patlang kung ang pahayag ay wasto at **M** kung mali.

- _____ 1. Ang panlapi ay pantig na ikinakabit sa unahan, gitna at hulihan ng salitang – ugat.
- _____ 2. Ang unlapi ay sa unahan ng salitang – ugat ikinakabit.
- _____ 3. Ang gitlapi ay sa gitna ng salitang – ugat ikinakabit.
- _____ 4. Ang hulapi ay sa hulihan ng salitang – ugat ikinakabit.
- _____ 5. Ang pag – uulit ng salita ay nagaganap lamang sa pag – uulit ng panlapi.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Subukin

A. Panuto: Isulat ang **TG** sa patlang sa bawat bilang kung ang salitang pinagtambal ay tambalang ganap at **TdG** kung ang salitang pinagtambal ay tambalang di – ganap.

- _____ 1. basag – ulo
- _____ 2. silid – aralan
- _____ 3. bahay – ampunan
- _____ 4. ngiting – aso
- _____ 5. utak – lamok

B. Panuto: Isulat ang **u** kung ang pantig na may salungguhit sa bawat salita ay unlapi, **g** kung gitlapi at **h** kung hulapi.

- _____ 1. umawit
- _____ 2. tumakbo
- _____ 3. bilisan
- _____ 4. aklatan
- _____ 5. kinain

C. Panuto: Isulat ang salitang – ugat ng sumusunod na mga salita.

- _____ 1. pang – ekonomiya
- _____ 2. aklatan
- _____ 3. produksyon
- _____ 4. kabansaan
- _____ 5. kolonyalismo

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo sa bahaging ito ay 13 hanggang 15, huwag mo nang gawin ang susunod na bahagi, ibig sabihin lubusan mong naunawaan ang aralin.

Subalit kung ang iskor mo ay 12 pababa, gawin mo ang susunod na bahagi, kailangan mo pa ng mga karagdagang pagsasanay upang ganap mong maunawaan ang aralin.

Paunlarin

Panuto: Piliin sa Hanay B ang tambalang salita na tinutukoy sa Hanay A.

- | Hanay A | Hanay B |
|--|----------------------|
| _____ 1. Ito ay di – tunay na luha ng kalungkutan. | a. ngiting – aso |
| _____ 2. Pagkukunwaring hindi naririnig ang isang bagay. | b. luha ng buwaya |
| _____ 3. Ito ay ngiti ng nang – iinis. | c. taingang – kawali |
| _____ 4. maawain | d. pusong – mamon |
| _____ 5. mahigpit magdisiplina | e. kamay na bakal |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.


Matapos mong pag – aralan ang modyul na ito, sigurado akong handa ka na upang gawin ang susunod na modyul.

Sub – Aralin 3 – Uri ng Teksto



Layunin

- Nakikilala ang tekstong argumentativ

Alamin




3. May sariling pagkakakilanlan –



4. May pamahalaan -



5. May konstitusyon -



Hindi → Mga Patunay


1. Gumagamit ng wikang dayuhan –



2. Dinidiktahan ng Amerika -



3. Tumatangkilik sa produktong imported



Sa argumentong, “**Malaya na nga ba ang Pilipinas?**” Alin sa dalawang panig, **Oo** at **Hindi** ang sinasang – ayunan mo?

Panuto: Lagyan mo ng tsek (✓) ang bilang ng pahayag na nagbibigay ng katwiran sa panig na sinasang – ayunan mo?

- 1. Oo, malaya na ang Pilipinas sapagkat may pangulo na tayo na siyang namamahala sa ating bansa.
- 2. Oo, malaya na ang Pilipinas subalit hindi pa niya kayang magsarili dahil mahirap lamang ang ating bansa.
- 3. Hindi pa talagang malaya ang Pilipinas dahil patuloy pa rin itong dinidiktahan ng Amerika sa iba’t ibang larangan tulad ng ekonomiya, pulitika at edukasyon.
- 4. Hindi pa tunay na malaya ang Pilipinas sapagkat malaki pa rin ang impluwensiya ng mga bansang sumakop dito lalung – lalo na sa kultura nito.
- 5. Hindi pa ring maituturing na malaya ang bansa dahil maraming Pilipino pa rin ang umalis dito at nagtutungo sa ibang bansa upang doon magtrabaho.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng pagwawasto na nasa iyong guro.

Linangin

Ang **tekstong argumentatib** ay naninindigan sa sariling opinyon at hinihikayat na mapaniwala ang iba sa kanyang panig.

Basahin nang tahimik ang sumusunod na teksto at pagkatapos ay suriin ang mga argumentong napapaloob dito.

Ang Neo – kolonyalismo sa Asya

Ang neo – kolonyalismo ay ang terminong ginagamit upang ilarawan ang operasyong ginagawa ng mga imperyalista matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sinasabing ito ang ekstensyon ng kanilang paghahari sa mga mahihinang bansa upang mabigyan ang kolonya ng ilusyong sila nga ay malalaya na sa kamay ng mga mananakop. Sa katotohanan, ang neo – kolonyalismo ay isang panibagong anyo ng imperyalismo. Sa halip na gumamit ng direktang pulitikal at militar na pananakop, minabuti nilang gumamit ng iba – iba at hindi gaanong halatang istrategiya. Maaaring ito ay sa pamamagitan ng kapangyarihan at impluwensyang pang – ekonomiko, pinansyal at mga polisiya sa kalakalan.

Ayon sa teorya ni Karl Marx, ang mga maliliit na bansa ay nananatiling *satellite* ng mga mauunlad na nasyon sapagkat ang istraktura ng kanilang ekonomiya ay idinisenyo upang magsilbi lamang sa internasyunal na kapitalismo. Samakatwid, ito ang dahilan kung bakit may eksployteysyon ng mga likas na yaman sa mga maliliit at mahihinang bansa.

Sinasabi ng mga tagapagtanggol ng kolonyalismo na kahit ano pa ang kahinaan at pagkukulang nito, ang kolonisasyon pa rin ang nagpaliit ng ekonomik gap ng mga taga – Kanluran at mga taga – Asya . Una, ang mga Europeo raw ang nagtanim ng binhi ng pag – unlad na materyal at intelektwal sa Asya. Nagamit raw nila ang malaganap na kamangmangan. Ikalawa, napigilan daw ng kolonyalismo ang pang – aalipin at barbarikong uri ng pamumuhay tulad ng pagsamba sa mga anito. Ikatlo, natulungan daw ng formal na edukasyon at medisina ang mga katutubo na may limitadong kaalaman sa pagkontrol ng kapaligirang pisikal. Sa huli, nagkaroon din daw ng modernong uri ng komunikasyon na nagpadali sa pag – eksport ng mga produktong agrikultural. Bukod dito, nagtayo sila ng maliliit na industriya upang maging pundasyon ng pag – unlad na ekonomik. Sa kabuuan, sinasabi nilang dapat pa ngang magpasalamat sa mga kolonisador sapagkat sila ang naging *tagapaligtas* ng mga Asyano.

Mahigpit na tinutulan ng mga salungat sa kolonyalismo ang argumento ng mga tagapagtanggol. Ito raw ay *racists*. Pinanindigan nilang ang mga kolonya ay iniwan ng mga imperyalista na mas mahirap pa kaysa noong bago nila masakop. Hindi lamang ang pwersang paggawa at mga resorses ng bansa ang labis na eksployt, minaliit pa nila ang kakayahan ng mga Asyanong madevelop ang sarili.

Higit pa rito, sa ilalim ng pamamalakad ng imperyalista, ang ekonomiya ng kolonya ay idinisenyo nilang maging dependent sa kanila. Ito lamang daw ang tanging nagawa ng mga kolonisador na hanggang ngayon ay pinagdurusahan pa rin ng mga mamamayan. Isang halimbawa nito, hindi tinuruan ng mga kolonisador ang mga nasasakupan na magproseso ng kanilang mga hilaw na produkto. Sa halip, iniluluwas pa ito sa kanilang mga bansa upang doon iproseso. Samakatwid, nanatiling tagasuplay lamang ng kanilang pangangailangan ang mga mahihinang bansa. Ang mga imperyalista ang tanging nakinabang nang malaki at yumaman. Ang puhunang pawis at dugo ang tanging naiwan sa mga kolonya. Dahil dito, hindi sila kumikita nang sapat upang sumagot sa kanilang sariling ekonomiya. Dito na ngayon papasok ang pangungutang ng mga nasabing bansa upang masagutan ang kanilang pangangailangan.

Ang International Monetary Fund at World Bank ay mga organisasyong nagpapautang upang umasiste sa mahihirap na bansa subalit sa ilalim ng mga kondisyong sila rin ang nagtatakda. Ang mga kondisyong ito ang siyang nagpapatindi ng pagiging dependent ng mga mahihirap na bansa sa mga mayayaman. Kung hindi susundin ang kanilang mga kondisyon ay hindi sila magbibigay ng tulong at pautang. Ito ang tinatawag na neo – kolonyalismo, ang pananatili ng paghahari ng mga imperyalista sa bansang kanilang nasakop sa pamamagitan ng hindi gaanong halatang paraan. Sa kasong ito, ang ginamit na paraan ay sa pamamagitan ng pagkontrol sa tulong na pinansyal at isyung pang – ekonomiko. Ganito ang nangyayari sa mga bansang Asyano.

Ngayon, nananatili ang tanong: Nakabuti ba o Nakasama ang Kolonyalismo sa mga Bansang Asyano?

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang ng argumento na nakapaloob sa binasang teksto.

- _____ 1. Ang kolonyalismo ang nagpunla ng kaunlarang materyal at intelektwal sa mga bansang kanilang ginawang kolonya.
- _____ 2. Dahil sa kolonyalismo lalong naghirap ang mga bansang ginawang kolonya ng mga mananakop kaysa noong bago pa nila itong ginawang kolonya.
- _____ 3. Kolonyalismo ang naglapit ng ekonomiya ng mga bansang taga – Kanluran at taga – Asya.
- _____ 4. Dahil sa kolonyalismo lumiit ang pagkakataon ng bawat bansang naging kolonya upang umunlad at matutong tumayo sa kanyang sariling resorses.
- _____ 5. Maraming bansa sa daigdig ang naging kolonya ng mayayamang bansa.

Gamitin

Panuto: Isulat ang **S** sa patlang kung ang argumento ay sumasang – ayon sa neo – kolonyalismo sa Asya at **DS** kung di – sumasang – ayon.

- _____ 1. Dahil sa kolonyalismo, bumuti ang pamumuhay ng mahihirap na bansa sa Asya.
- _____ 2. Isa sa ibinunga ng kolonyalismo ay ang paglaki ng utang ng mahihirap na bansa na ginawang kolonya ng mga mayayamang bansa.
- _____ 3. Dahil sa kolonyalismo nagkaroon ng maliliit ng industriya ng mga bansang kolonya kaya't nagkaroon ng pag – unlad ang kanilang ekonomiya.
- _____ 4. Maraming ibinubungang kasamaan ang kolonyalismo sa mga bansang ginagawa nilang kolonya.
- _____ 5. Nagkaroon ng pagkakataon ang mahihirap na bansa na makakuha ng mga produktong may kalidad dahil sa kolonyalismo.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Matapos mong sagutin ang nakaraang aralin sigurado akong handa ka na upang gawin ang susunod na pagsasanay.

Lagumin

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang ng salitang kaugnay ng salitang, “**argumentativ**.”

- _____ 1. nanghihikayat
- _____ 2. tumututol
- _____ 3. nang – aakit
- _____ 4. sumasang – ayon
- _____ 5. nagsasalaysay

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Subukin

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang ng pahayag na nagsasaad ng argumento.

- _____ 1. Minaliit ng kolonyalismo ang kakayahan ng mahihirap na bansa na paunlarin ang kanilang pamumuhay.
- _____ 2. Sinamantala ng kolonyalismo ang mga pwersang paggawa at yamang pangkalikasan ng mga bansang kolonya.
- _____ 3. Dahil sa kolonyalismo napigil ang makalumang paraan ng pamumuhay ng mga bansang ginawa nilang kolonya.
- _____ 4. Isa ang Pilipinas sa mga bansang naging alipin ng mayamang bansa tulad ng Hapon at Espanya.
- _____ 5. Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagdulot ng maraming pinsala sa lahat ng bansa sa daigdig.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo sa bahaging ito ay 4 hanggang 5, huwag mo nang gawin pa ang susunod na bahagi, ibig sabihin lubusan mo nang naunawaan ang aralin. Subalit kung ang iskor mo ay 3 pababa, gawin mo ang susunod na bahagi. Kailangan mo pa ang karagdagang pagsasanay upang lubusan mong maunawaan ang aralin.

Paunlarin

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang patlang sa bilang ng pahayag na naglalaman ng argumento tungkol sa paksang, “**Neo – Kolonyalismo.**”

- _____ 1. Ang mga bansang Amerikano, Hapon at England ay mga bansang nabibilang sa mga bansang kolonisador.
- _____ 2. Ang globalisasyon ay maituturing na isang uri ng kolonyalismo.
- _____ 3. Isang paraan pa rin ng kolonyalismo ang pagbibigay ng mga iskolarship sa ilang mamamayan ng mahihirap na bansa sa Asya dahil naiimpluwensiyahan ng mga bansang nagbigay ng iskolarship ang kultura ng kanilang mga dayuhang iskolar.
- _____ 4. Hanggang sa kasalukuyan ay laganap pa rin ang kolonyalismo sa daigdig, iba’t iba nga lang ang paraan ng kolonyalisasyon.
- _____ 5. Maunlad na rin ang mga bansa sa Asya sa kasalukuyan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.


Sub – Aralin 4 - Katangian ng Teksto

Layunin:

- Natutukoy ang tono ng teksto

Alamin

Tukuyin kung anong damdamin ang nakapaloob sa bawat pahayag.



The image shows a central photograph of a young man with dark hair, wearing a white tank top, holding a smartphone. He is smiling slightly. Surrounding the photo are seven speech bubbles with the following text:

- Top left: "Siguro mahal iyan?"
- Top right: "Wow! Ang ganda naman ng suot niya."
- Middle left: "Hmp! Mukhang mayabang siya."
- Middle right: "Naiinggit ka lang eh!"
- Bottom left: "Naku! May ganong s'yang cellphone eh, bihira ang makabili ng ganong."
- Bottom right: "Hindi naman mukhang maya-bang. Siguro tala-gang mayaman siya."
- Bottom center: "Tumigil na nga kayo! Huwag n'yo na siyang pansinin."

Ano ang napuna ninyo sa mga pahayag?

Ang bawat pahayag sa itaas ay nagtataglay ng iba't ibang emosyon o damdamin at sa pagbabasa natin ng isang teksto makikitaan din natin ito ng mga damdamin na tinatawag nating tono ng teksto.

Alamin ang tungkol dito. Magpatuloy sa pagbasa at pag – aaral sa modyul na ito.

Linangin

Ano nga ba ang tono ng teksto?

Ang **tono ng teksto** ay tumutukoy sa damdamin at kilos na nanginigbabaw sa teksto. Maaaring ang teksto ay nanlilibak, nalulungkot, nagagalit, masaya o kaya ay mabilis, mabagal, papataas o pababa.

Muli mong balikan ang tekstong binasa at suriin kung anu – anong damdamin o tono ang nakapaloob sa tekstong ito.

Ang Neo – kolonyalismo sa Asya

Ang neo – kolonyalismo ay ang terminong ginagamit upang ilarawan ang operasyong ginagawa ng mga imperyalista matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sinasabing ito ang ekstensyon ng kanilang paghahari sa mga mahihinang bansa upang mabigyan ang kolonya ng ilusyong sila nga ay malalaya na sa kamay ng mga mananakop. Sa katotohanan, ang neo – kolonyalismo ay isang panibagong anyo ng imperyalismo. Sa halip na gumamit ng direktang pulitikal at militar na pananakop, minabuti nilang gumamit ng iba – iba at hindi gaanong halatang istrategiya. Maaaring ito ay sa pamamagitan ng kapangyarihan at impluwensyang pang – ekonomiko, pinansyal at mga polisiya sa kalakalan.

Ayon sa teorya ni Karl Marx, ang mga maliliit na bansa ay nananatiling *satellite* ng mga mauunlad na nasyon sapagkat ang istraktura ng kanilang ekonomiya ay idinisenyo upang magsilbi lamang sa internasyunal na kapitalismo. Samakatwid, ito ang dahilan kung bakit may eksployteysyon ng mga likas na yaman sa mga maliliit at mahihinang bansa.

Sinasabi ng mga tagapagtanggol ng kolonyalismo na kahit ano pa ang kahinaan at pagkukulang nito, ang kolonisasyon pa rin ang nagpaliit ng ekonomik gap ng mga taga – Kanluran at mga taga – Asya . Una, ang mga Europeo raw ang nagtanim ng binhi ng pag – unlad na materyal at intelektwal sa Asya. Nagamit raw nila ang malaganap na kamangmangan. Ikalawa, napigilan daw ng kolonyalismo ang

pang – aalipin at barbarikong uri ng pamumuhay tulad ng pagsamba sa mga anito. Ikatlo, natulungan daw ng formal na edukasyon at medisina ang mga katutubo na may limitadong kaalaman sa pagkontrol ng kapaligirang pisikal. Sa huli, nagkaroon din daw ng modernong uri ng komunikasyon na nagpadali sa pag – eksport ng mga produktong agrikultural. Bukod dito, nagtayo sila ng maliliit na industriya upang maging pundasyon ng pag – unlad na ekonomik. Sa kabuuan, sinasabi nilang dapat pa ngang magpasalamat sa mga kolonisador sapagkat sila ang naging *tagapaligtas* ng mga Asyano.

Mahigpit na tinutulan ng mga salungat sa kolonyalismo ang argumento ng mga tagapagtanggol. Ito raw ay *racists*. Pinanindigan nilang ang mga kolonya ay iniwan ng mga imperyalista na mas mahirap pa kaysa noong bago nila masakop. Hindi lamang ang pwersang paggawa at mga resorses ng bansa ang labis na eksployt, minaliit pa nila ang kakayahan ng mga Asyanong madevelop ang sarili.

Higit pa rito, sa ilalim ng pamamalakad ng imperyalista, ang ekonomiya ng kolonya ay idinisenyo nilang maging dependent sa kanila. Ito lamang daw ang tanging nagawa ng mga kolonisador na hanggang ngayon ay pinagdurusahan pa rin ng mga mamamayan. Isang halimbawa nito, hindi tinuruan ng mga kolonisador ang mga nasasakupan na magproseso ng kanilang mga hilaw na produkto. Sa halip, iniluluwas pa ito sa kanilang mga bansa upang doon iproseso. Samakatwid, nanatiling tagasuplay lamang ng kanilang pangngailangan ang mga mahihinang bansa. Ang mga imperyalista ang tanging nakinabang nang malaki at yumaman. Ang puhunang pawis at dugo ang tanging naiwan sa mga kolonya. Dahil dito, hindi sila kumikita nang sapat upang sumagot sa kanilang sariling ekonomiya. Dito na ngayon papasok ang pangungutang ng mga nasabing bansa upang masagutan ang kanilang pangangailangan.

Ang International Monetary Fund at World Bank ay mga organisasyong nagpapautang upang umasiste sa mahihirap na bansa subalit sa ilalim ng mga kondisyong sila rin ang nagtatakda. Ang mga kondisyong ito ang siyang nagpapatindi ng pagiging dependent ng mga mahihirap na bansa sa mga mayayaman. Kung hindi susundin ang kanilang mga kondisyon ay hindi sila magbibigay ng tulong at pautang. Ito ang tinatawag na neo – kolonyalismo, ang pananatili ng paghahari ng mga imperyalista sa bansang kanilang nasakop sa pamamagitan ng hindi gaanong halatang paraan. Sa kasong ito, ang ginamit na paraan ay sa pamamagitan ng pagkontrol sa tulong na pinansyal at isyung pang – ekonomiko. Ganito ang nangyayari sa mga bansang Asyano.

Ngayon, nananatili ang tanong: Nakabuti ba o Nakasama ang Kolonyalismo sa mga Bansang Asyano?

Matapos mong basahin ang teksto, tukuyin mo ang mga tonong nakapaloob sa tekstong binasa.

O, sige simulan mo na!

Gamitin

A. Panuto: Piliin sa loob ng kahon sa ibaba ang angkop na damdamin o tono ng sumusunod na pahayag.

1. Ang pinakamahalagang pangyayaring naganap sa mga bansa sa Asya sa panahon ng neo – kolonyalismo ay ang pagkakaroon ng kalayaan mula sa kamay ng makapangyarihang kolonyal.

2. Kahit sa unang malas ay mga tulong iyon na walang kondisyon, tulad ng pamimigay ng bigas at pamamahagi ng libreng aklat, sa totoo’y may kapalit din iyon.

3. Ang pinamimigay na mga kagamitang militar ay mga surplus lamang.

4. Kailangang makaalpas ang Pilipinas sa kamay ng neo – kolonyalismo upang magtamasa ng kalayaang pang – ekonomiya.

5. Sinanay ang mga katutubo ng isang bansa, sa pamamagitan ng pagpapaaral at pag – aaral sa United States.

- | | |
|---------------|------------|
| a. tuwa | d. galit |
| b. inis | e. lungkot |
| c. pag – asam | f. suklam |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Tama ba lahat ng sagot mo? Magaling! Magpatuloy ka sa pag – aaral.

Kung hindi, balikan at basahing muli ang **Linangin**. Pagkatapos, sagutin muli ang bahaging **Gamitin**.

Lagumin

Panuto: Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng positibong damdamin at malungkot na mukha ☹ kung nagpapahayag ng negatibong damdamin.

- _____ 1. Maraming Pilipino ang nagkaroon ng malawak na kaalaman at nadagdagan ang kakayahan sa panahon ng neo – kolonyalismo.
- _____ 2. Hindi nagtangka ang mga Amerikano na maiihon ang kabuhayan ng mga Pilipino mula sa sistemang agrikultural tungo sa pagiging industriyal.
- _____ 3. Nakilala ang Pilipinas bilang isa sa mga bansa sa Asya na mahusay sa Wikang Ingles dahil sa imluwensya ng mga Amerikano.
- _____ 4. Tinulungan ng Marshall Plan ng United States ang Europa na makabangon pagkatapos ng digmaan.
- _____ 5. Ang dayuhang tulong ay nagagamit ng mga dating kolonyalista upang pasunurin ang mga tinulungang bansa sa kanilang kagustuhan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Dumako ka na sa susunod na gawain.

Subukin

Panuto: Isaayos ang bawat pangungusap ayon sa tindi ng damdamin.

1. Kung titingnang mabuti ang mga tulong na ibinigay ng United States ay napunta rin sa mga negosyanteng Amerikano.

2. Hindi natamo ng ating bansa ang tunay na kasaganaan sa panahon ng neo – kolonyalismo.

3. Ang mga tulong na ipinagkaloob ng United States ay bahagi lamang ng pagpapaganda ng larawan nito sa mga bansang tinulungan.

4. Ipinamalas ng United States sa panahon ng neo – kolonyalismo ang pagiging ganid nito sa kapangyarihan sa hindi lantad na paraan.

5. Sa hangad na labanan ang paglaganap diumano ng komunismo sa Pilipinas at Indochina, binigyan ng tulong ng US ang pamahalaan dito para sa pagpapaunlad ng kanayunan at pagpapatupad ng reporma sa lupa, subalit walang pagpapatupad na naganap. Ginamit lamang ito upang sugpuin ang pagrerebelde nila.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayon alam mo na kung ano ang tono ng teksto. Handa ka nang sagutin ang pagsubok.

Dumako ka na sa susunod na gawain.

Paunlarin

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na teksto. Pagkatapos ay tukuyin ang tono na nakapaloob sa teksto.

Napagkasunduan, Nagkadayaan

Mga tropang Amerikano lamang ang pumasok sa Intramuros, sentro ng kapangyarihang pulitikal ng mga Espanyol sa Pilipinas, noong ika – 13 ng Agosto 1898. Bunga ito ng lihim na pakikipagkasundo ng mga opisyal na Espanyol kay Admiral Dewey upang sa kanilang pagsuko ay hindi sila mapahiya. Ayaw nilang ang isang kapangyarihan o dating kapangyaring puti ay susuko sa mga pwersang kayumanggi. Dapat daw ay sa kapwa puti, na sa kanilang pagtingin ay mas mataas na uri ng tao sa daigdig kaysa mga kayumanggi at lalo na sa mga itim. Syempre pa, payag na payag ang mga Amerikano.

Bunga nito, isang Heneral Anderson ang tumelegrama kay Aguinaldo at pinagbawalan siya at ang kanyang mga sundalo na tumawid ng Ilog Pasig patungong Intramuros. Pansinin nating Agosto na ito, dalawang buwan na ang nakalipas matapos ideklara nina Aguinaldo sa kawit, Cavite ang kalayaan ng Pilipinas, “sa ilalim ng proteksyon ng makapangyarihan at makataong bansang Hilagang Amerika.” Inutusan ng isang Amerikanong heneral ang “president ng independyenteng Pilipinas” na sumunod sa kanya. May pangako naman daw ang mga Amerikano na mauuna lamang sila at papapasukin na rin pagkatapos si Aguinaldo at ang mga sundalong Pilipino. Madaling napaniwala ng mga Amerikano. si Aguinaldo, ngunit maraming rebolusyonaryong Pilipino ang lumuha nang makita ang mga tropang Amerikano na pumapasok ng Intramuros at pagkatapos ay pinalitan ng bandila ng United States ang puting bandila ng pagsuko ng mga Espanyol.

*Hango sa: Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon
Filipino II
Diwa Publication*

Panuto: Piliin ang mga pangungusap sa tekstong binasa na nagtataglay ng sumusunod na tono o damdamin.

A. Lungkot:

1. _____
2. _____
3. _____

B. Galit:

1. _____
2. _____
3. _____

Sub – Aralin 5 – Pagsulat

Layunin


- Naipamamalas ang kahusayan sa pagbubuo ng magkakaugnay na kaisipan

Alamin

Basahin at unawain ang smusunod na talata.

Neo – kolonyalismo sa Asya (Unang Bahagi)

1) Masasabing may kalayaan na ang mga bansa sa Asya lalo na ang mga bansang naging sakop ng mga bansang Kanluranin, ngunit masasabing ito ay pampolitika lamang. 2) Malaya na nga ang mga bansang ito ngunit mabagal naman ang kanilang pag – unlad. 3) Ang Asya ay ang pinakamalaking kontinente. 4) Mahihinuha na dahil sa mga pinsalang dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. 5) Sa panahong ito, nawasak ang mga imprastruktura at halos nahinto ang mga gawaing ekonomiko, kaya marami ang naghirap at nagutom. 6) Ang taong nagugutom ay nagkakasakit at minsan ay nawawala sa katinuan. 7) Upang kumita ng kailangang dayuhang salapi ang mga bansang ito, naging tagasuplay sila ng mga hilaw na materyal sa mga bansang kanluranin, ang mga bansang sumakop sa maraming bansa sa Asya sa loob ng 500 taon. 8) Ang isang taon ay binubuo ng 12 buwan. 9) Ang mga kolonyalistang ito ang namahala sa mga likas na pinagkukunan ng mga kolonya; kaya di nabigyan ng pagkakataon ang mga kolonya na pagyamanin ang mga pinagkukunan nito. Sa madaling salita, ang mga kolonyalista ang lubusang nakinabang sa mga kayamanan ng mga bansang sinakop. 10) Maraming bansa sa daigdig. 11) Ang daigdig ay binubuo ng mga tao.



Suriin ang teksto, ugnay – ugnay ba ang mga kaisipang bumubuo rito?


Panuto: Isulat sa patlang ang mga bilang ng mga kaisipang di kaugnay ng talata.

1. _____
2. _____
3. _____

4. _____
5. _____

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro

Linangin



Ang isang mabuting talata ay dapat na magkaroon ng ugnay – ugnay na kaisipan upang ito’y magkaroon ng kaisahan at kalinawan.

Basahin at unawain ang sumusunod na talata at pagkatapos ay suriin ang mga kaisipang dapat alisin upang magkaroon ito ng kaisahan at kalinawan.

Neo – kolonyalismo (Ikalawang Bahagi)

1) Umunlad ang mga kolonyalista sa iba’t ibang larangan. 2) Napayabong din nila ang kalakalan, komunikasyon at transportasyon. 3) Ang taksi ay isang uri ng transportasyon. 4) Ngunit ang lahat ay nawasak ng digmaan. 5) Dahil mga dayuhan ang humahawak sa pamahalaan, kulang ang kakayahan ng mga lokal na pinunong pamunuan ang kanilang bansa. 6) Sila ay mistulang tau – tauhan sa kamay ng mga dayuhan. 7) May dalawang uri ng pinuno, ang isa ay pambansa at ang isa ay lokal.

8) Matapos ang digmaan, lugmok na sa hirap ang mga kolonya at dahil kulang ang kanilang alam sa pamamahala, nahirapan silang muling ibangon ang kanilang bansa. 9) Matapos din ang digmaan. 10) Kaya, kahit malaya na, nagpatuloy sa ganoong kalagayan. Mahalaga ang kalayaan. 11) Dahil dito napilitan silang tanggapin ang alok na tulong ng mga bansang dating nanakop sa kanila. 12) Ngunit, ang mga dating mananakop ay nag – alok ng tulong upang maipagpatuloy nila ang kanilang kontrol at impluwensya sa kanilang mga dating kolonya. 13) Dito sumulong ang neo – kolonyalismo. 14) May malalaki at maliliit na bansa sa daigdig. 15) Upang makontrol ang mga dating kolonya, gumamit ang mauunlad na bansa ng mga paraang ekonomiko, politikal at kultural. Ang Estados Unidos, bilang isa sa pinakamayaman at pinakamalakas na bansa ay naging pangunahing neo – kolonyalista pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Panuto: Piliin at isulat sa patlang ang mga bilang ng pahayag na hindi kaugnay ng talata.

- | | |
|----------|----------|
| 1. _____ | 4. _____ |
| 2. _____ | 5. _____ |
| 3. _____ | |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Gamitin

A. Panuto: Itsek (✓) ang bilang ng pahayag na kaugnay sa ibinigay na paksa. Paksa: “**Mga Paraan ng Pananakop**”

- | | |
|-------|---|
| _____ | 1. Pagpapagamit ng wika ng imperyalistang bansa sa mga sinakop na bansa. |
| _____ | 2. Pagkontrol ng ekonomiya ng sumakop na bansa. |
| _____ | 3. Pagbebenta ng mga produkto ng imperyalistang bansa sa kanyang kolonya. |
| _____ | 4. Pagkakaroon ng kalayaan ang mga kolonyang bansa. |
| _____ | 5. Pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan ang mga kolonyang bansa. |

B. Panuto: Lagyan ng (X) ang bilang ng pahayag na hindi kaugnay ng paksang ibinigay.

Paksa: “**Katangian ng mga Bansang Kolonyalisador o Mananakop**”

- | | |
|-------|---|
| _____ | 1. May malaking impluwensya sa mga bansa sa daigdig. |
| _____ | 2. Mayamang bansa. |
| _____ | 3. Lubog ang ekonomiya. |
| _____ | 4. Maunlad ang iba’t ibang negosyo tulad ng agrikultura, industriyal at iba pa. |
| _____ | 5. Kaunti lang ang bilang ng mga mamamayan. |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Lagumin

Panuto Isulat sa bilang ang salitang naglalarawan sa isang talatang binubuo ng ugnay – ugnay na kaisipan.

Ang isang talatang binubuo ng ugnay – ugnay na kaisipan ay;

| | | |
|-----------------|-----------------|-----------------|
| malinaw | mabuti | informativ |
| mahaba | mahusay | may kaisahan |
| maraming talata | maraming salita | maraming bantas |

- | | |
|----------|----------|
| 1. _____ | 4. _____ |
| 2. _____ | 5. _____ |
| 3. _____ | |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

Subukin

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag na kaugnay ng paksang, “**Mga Kabutihang nagawa mg Neo – kolonyalismo.**”

- a. Napaunlad nito ang bansang kanyang ginawang kolonya.
- b. Kontrolado ng mga kolonyalisador ang ekonomiya ng kanyang kolonya.
- c. Nagkakaroon ng pagkakataong magkaroon ng modernisasyon ang kanyang mga bansang kolonya.
- d. Nagkakaroon ng pagkakataong pumunta sa ibang bansa ang mga mamamayan ng bansang kanyang sinakop
- e. Gagamitin ng mga kolonyalisador ang likas na yaman ng kanyang mga bansang ginawang kolonya.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo sa pagsasanay na ito ay 4 hanggang 5 pataas, huwag mo nang gawin ang susunod na pagsasanay. Ibig sabihin ay lubusan mong naunawaan ang aralin. Ngunit kung 3 pababa ang iskor mo, gawin mo ang nabanggit na pagsasanay. Kailangan mo pa ang mga karagdagang gawain upang lubusan mong maunawaan ang aralin.

Paunlarin

Panuto: Alisin sa loob ng talata ang **bilang** ng mga pahayag na hindi dapat isama dahil hindi kaugnay ng paksa.

(1) Matanda na ang problema ng tunggaliang mayaman laban sa mahirap. (2) Sa huling bahagi ng ika – 19 na siglo at ng unang bahagi ng ika – 20 siglo ay naresolba sana ito sa pamamagitan ng kompromiso. (3) Ang mga salitang naresolba at kompromiso ay magkasalungat na salita. (4) Bagama’t ito ay nabigo nang sari – saring teoryang panlipunan ang lumabas tulad ng imperyalismo, sosyalismo, nasyonalismo at komunismo. (5) Sa komunismo, sinisikil nito ang kalayaan. (6) Marami pang iba – ibang ideya ang pinagbatayan ng mga lider ngunit walang malinaw at tiyakang mabuting bunga. (7) Maaaring ang dahilan ay ang masamang mga mamamayang nagkukulang sa paggawa o ang mga mayayamang ayaw umalis sa kanilang kinalalagyan. (8) Dalawa ang uri ng mga mamamayan, mayaman at mahirap.

Mga kaisipang dapat alisin

1. _____
2. _____
3. _____

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.



Ano na ba ang alam mo?

A.I Pagkilala sa Wastong Gamit ng Pangatnig

Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang mga pangatnig na ginamit sa bawat bilang.

- _____ 1. Gayundin, sinamantala ng malalaking bansa ang ekonomiya ng maliliit na bansa para sa kanilang pansariling interes.
- _____ 2. Dahil dito, lalong nalugmok ang kabuhayan ng maliliit na bansang naging kanilang kolonya.
- _____ 3. Ngunit dumating ang panahong natutong lumaban sa malalaking bansa ang maliliit na bansang ginawa nilang kolonya.
- _____ 4. Tinulungan lamang ng mayayamang bansa ang maliliit na bansa hindi dahil sa naaawa sila sa mga ito, kundi upang makuha nila ang likas na yaman sa mga bansang nabanggit.
- _____ 5. Kung tutuusin higit na malaki ang pakinabang ng mga imperyalistang bansa kaysa sa kanilang mga kolonya dahil mayaman sa likas na yaman ng mga ito.

II. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra kung paano ginamit sa bawat bilang ang mga pangatnig sa Pagsasanay A.1.

1. _____
2. _____
3. _____

4. _____
5. _____

- a. ginamit upang ipakita ang pagsalungat
- b. ginamit upang ipakita ang paglilinaw
- c. ginamit sa pagsasaad ng alinlangan o pasubali
- d. ginamit upang ipakita ang kadahilanan ng mga pangyayari
- e. nag – ugnay ng magkatimbang na salita, parirala o sugnay

III. Pagbuo ng Bagong Salita Mula sa Salitang – ugat sa Pamamagitan ng Paglalapi, Pagtatambal at Pag – uulit ng Salita

Panuto: Bumuo ng salitang dapat gamitin sa pahayag batay sa salitang – ugat na nasa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa nito.

- _____ 1. Ang mga bansang naging kolonisador ay (laki) at (yaman) bansa.
- _____ 2. Ang neo – kolonyalismo ay (mula) nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- _____ 3. Naging maayos ang (buhay) ng mga Pilipino dahil na rin sa _____
- _____ 4. (laya) nito sa kamay ng mga bansang imperyalista tulad ng Hapon at Amerika.
- _____ 5. Naging parang aliping (sunod) sa mga dayuhang mananakop ang mga Pilipino sa panahon ng kolonyalismo.

IV. Pagtukoy sa Tekstong Argumentatib

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang ng pahayag na naglalahad ng argumento.

- _____ 1. Kung walang paaalipin, walang mang – aalipin.
- _____ 2. Ang Amerika ay tumutulong lamang kung sa palagay nila ay may makukuha silang interes sa mga bansang kanilang tinutulungan.
- _____ 3. Sabihin pang mapagsamantala ang mga kolonisador, may naitulong naman ang mga ito sa bansang kanilang sinakop.
- _____ 4. Maraming pinsalang idinulot ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- _____ 5. Nagsimula ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1944.

V. Pagkilala sa Tono ng Teksto

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng damdaming nababakas sa bawat pahayag.

- _____ 1. Kung tinuruan lamang ng mga kolonisador na magproseso ng kanilang hilaw na produkto ang kanilang mga kolonya, sana’y naging maunlad na ang mga bansang ito.
- _____ 2. Kahit nalugmok ang ekonomiya ng Pilipinas noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, natuto naman itong tumayo sa kanyang sariling paa.
- _____ 3. Sana’y hindi na nagkaroon ng digmaan!
- _____ 4. Masisisi nating ang mga bansang Hapon at Espanya sa kanilang idinulot na kahirapan at kamatayan sa maraming Pilipino.
- _____ 5. Dapat na isumpa ang kalupitang ginawa ng mga Imperyalistang Hapon sa Pilipinas.

- | |
|---|
| <ol style="list-style-type: none">a. panghihinayangb. pagkapootc. pagmamalakid. pagkagalite. panghihinayang |
|---|

VI. Pagsulat

Panuto: Itsek (✓) ang bilang ng pahayag na kaugnay sa sumusunod na paksa.

Paksa: “**Ang Bunga ng Kolonyalismo sa Pilipinas**”

- _____ 1. Sinikil ng mga mananakop ang ekonomiya ng Pilipinas.
- _____ 2. Naging mabagal ang pag – unlad ng Pilipinas dahil sa pinsalang pangkabuhayang idinulot ng kolonyalismo.
- _____ 3. Maraming Pilipina ang naging biktima ng panggagahasa ng mga dayuhang mananakop.
- _____ 4. Matagal ding nasikil ang kalayaan ng mga Pilipino.
- _____ 5. Ang Pilipinas ay nasa kontinente ng Asya.